

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ipinapatupad ng Lungsod ang mga bike lane para itaguyod ang mga pagkakataon ng ligtas, aktibong transportasyon sa panahon ng COVID-19 pandemic**

BRAMPTON, ON (Abril 17, 2020) – Para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente sa panahon ng COVID-19 pandemic, nagpapatupad ang Lungsod ng Brampton ng pansamantalang mga bike lane sa kahabaan ng Vodden Street corridor. Ang pansamantalang mga bike lane na ito ay magbibigay ng alternatibong opsyon sa pagbibisikleta sa panlibangang mga trail para sa mga residente, at pahintulutan ang mga nagbibisikleta na panatilihin ang paglayo mula sa iba.

Simula sa Sabado, Abril 18, pansamantalang sinasara ng Lungsod ang mga curb lane sa trapiko ng behikulo sa kahabaan ng sumusunod na mga seksyon ng daan at inilaan ang mga lane para sa paggamit ng mga bisikleta lamang:

- Vodden Street – Ken Whillans Drive hanggang Howden Boulevard
- Howden Boulevard – Vodden Street hanggang Central Park Drive

Ang mga seksyon ng daan ay bahagi ng pinlanong koneksyon ng East-West Cycling Corridor ayon sa pinanukala sa Active Transportation Master Plan. Nagsisikap ang Lungsod na ipatupad ang permanenteng protektadong mga bike lane sa mga daan na ito kaayon ng Brampton 2040 Vision at sa Streets for People Term of Council Priority.

Ang trapiko ng behikulo sa Rehiyon ng Peel ay bumaba nang 33 porsiyento bilang bunga ng COVID-19, na nagbibigay sa Lungsod ng isang natatanging pagkakataon na ipakita ang bahagi ng pinlanong East-West Cycling Corridor para magbigay sa mga nagbibisikleta ng ligtas na koneksyon sa mahalagang mga amenidad at sa trail network ng Lungsod.

Para sa mga pangkaligtasang tip sa bisikleta, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### **Mga Quote**

“Habang patuloy nating sinsaliksik itong hindi inaasahang panahon, ang ating mga residente ay nananatiling nangungunang prayoridad. Ipinagmamalaki kong sabihin na iniba ang hugis at gagamitin sa ibang layunin ang mga lane ng trapiko para bigyan ng dagdag na espasyo ang mga nagbibisikleta at ang mga naglalakad para mapanatili ang paglayo mula sa iba. Hinihikayat ko ang mga tao na patuloy na sumunod sa mga rekomendasyon ng paglayo mula

sa iba at manatiling aktibo at malusog hangga't maaari sa ilalim nitong mahirap na mga sitwasyon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Naniniwala ang Brampton sa pagtataguyod, pagsuporta at pagpapatupad ng aktibong transportasyon para mapanatiling gumagalaw ang ating lungsod. Sa Covid-19 emergency na ito, tayo ay higit pa kailanman na kailangang tiyakin na ang mga naglalakad, nagbibisikleta, at mga sasakyan ay nagpapanatili ng ligtas na distansya mula sa isa't isa. Bilang isang nagbibisikleta mismo, ipinagmamalaki ko ang ating mga pagsisikap sa pagtutulungan sa komunidad para mangyari itong pansamantalang mga daanan ng bisikleta at inaasam natin ang pagpapatupad ng permanenteng mga solusyon sa malapit na hinaharap.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Miyembro, Komite ng Advisory ng Pagbibisikleta*

“Ang Lungsod ay pansamantalang nagtalaga sa espasyo ng daan para sa mga nagbibisikleta para mapanatiling malusog at aktibo habang pinapanatili ang paglayo mula sa iba sa panahon ng COVID-19 pandemic. Sa mas kaunting trapiko sa ating mga daan, umaasa tayo na makapagbigay ng positibo at ligtas na karanasan para sa sinuman na gustong sumakay ng bisikleta sa panahong ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Sa panahong ito ng isolation, isang mahalagang parte kung paano pinanatili ko at ng aking asawa ang pisikal at mental na kabutihan ay sa pamamagitan ng pagsakay sa aming mga bisikleta para bumili ng mga mahalagang bilihin at para sa ehersisyo. Nagpapasalamat ako kay Mayor Brown, kay Konsehal Santos, sa lahat ng Konseho ng Brampton at staff ng Lungsod na nakakaunawa sa pangangailangan at inilalaan ang mahalagang pampublikong espasyo para daanan ng bisikleta na magbabawas sa presyur sa mga daanan, para tayong lahat ay makalabas habang nakakatugon sa kautusan ng paglayo mula sa iba.”

- *David Laing, Chair, BikeBrampton*

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)